

MAG-AAWTORISA NG MGA BONO PARA SA PAGKUKUMPUNI NG PASILIDAD, KONSTRUKSYON, AT MODERNISASYON SA MGA PAMPUBLIKONG PRESCHOOL, PAARALANG K–12, MGA KOLEHIYO SA KOMUNIDAD, AT MGA UNIBERSIDAD. BATAS NG LEHISLATURA.

OPISYAL NA PAMAGAT AT BUOD

INIHANDA NG PANGKALAHATANG ABOGADO

Ang teksto ng panukalang ito ay matatagpuan sa pahina 36 at sa website ng Kalihim ng Estado sa <https://voterguide.sos.ca.gov>.

- Mag-aawtorisa ng \$15 bilyon na mga pangkalahatang obligasyong bono ng estado para sa mga pasilidad ng pampublikong edukasyon: \$9 na bilyon para sa mga preschool at K–12 (kabilang ang \$5.2 bilyon para sa pagsasamoderno, \$2.8 bilyon para sa bagong konstruksyon, \$500 milyon para sa mga tsarter na paaralan, at \$500 milyon para sa edukasyong teknikal na pangkarera); \$6 na bilyon para sa mga pampublikong unibersidad at kolehiyo ng komunidad.
- Pagbubutihin ng mga proyekto ang mga kalagayan ng kalusugan/kaligtasan ng mga pasilidad (kabilang ang kaligtasan sa lindol/sunog at pagtatanggal ng tingga sa tubig) at pagpaparami ng abot-kayang pabahay para sa estudyante.
- Lilimitahan ang mga pang-administratibong gastusin sa 5%.
- Maglalaan ng pera mula sa Pangkalahatang Pondo para bayaran ang mga bono.

BUOD NG TANTIYA NG PAMBATASANG TAGASURI SA NETONG PISKAL NA EPEKTO NG PANG-ESTADO AT LOKAL NA GOBYERNO:

- Tumaas na mga gastusin ng estado upang bayaran ang mga bonong tinantiyang nasa mga \$740 milyon kada taon (kasama ang interes) sa loob ng susunod na 35 taon.
- Magkalahong epekto sa halaga ng mga lokal na bonong inisyu ng mga distrito ng paaralan at kolehiyo ng komunidad at malamang na pagbabawas sa halaga ng singil ng developer na kinokolekta ng ilang distrito ng paaralan na magpapatuloy.

Buod ng mga Gastusin ng Estado

Panibago Paghihiram	
Prinsipal	\$15 bilyon
Interes	11 bilyon
Kabuuang Tantiyang Gastos	\$26 na bilyon
Mga Kabayaran	
Karaniwang taunang gastos	\$740 milyon
Malamang na panahon ng pagbabayad	35 taon
Pinagmumulan ng mga kabayaran	Mga kita sa buwis sa Pangkalahatang Pondo

PANGHULING BOTO NG LEHISLATURA SA AB 48 (PROPOSISYON 13) (KABANATA 530, MGA BATAS NG 2019)

Senado:	Mga Botong Oo 35	Mga Botong Hindi 4
Asembleya:	Mga Botong Oo 78	Mga Botong Hindi 1

PAGSUSURI NG PAMBATASANG TAGASURI

KASAYSAYAN

Nagkakaloob ng Pampublikong Edukasyon ang California sa 9.2 Milyong Estudyante. Nagkakaloob ng pampublikong edukasyon ang California mula sa antas na pang-preschool hanggang sa pang-unibersidad. Tinatayang dalawang-katlo ng mga estudyante ang naka-enrol sa mga antas ng preschool, elementarya, o sekundaryang paaralan.

Ang California ay kasalukuyang may tinatayang 10,000 ng mga ganitong uri ng mga paaralang pinapatakbo sa 944 na distrito ng paaralan. (Tinatayang 1,300 ng mga paaralang ito ay mga tsarter na paaralan, na karaniwang inaaprubahan ng pinakamalapit na distrito ng paaralan ngunit kahit paano ay pinapatakbo nang may kalayaan.) Ang natitirang isang-katlo ay naka-enrol sa mga

PAGSUSURI NG PAMBATASANG TAGASURI

IPINAGPAPATULUY

pampublikong kolehiyo o unibersidad. Ang sistema ng California Community College (CCC, Kolehiyo ng Komunidad ng California) ay binubuo ng 115 kampus na pinapatakbo ng 73 distrito. Mayroong dalawang sistema ng pampublikong unibersidad ang estado—ang California State University (CSU, Pang-estadong Unibersidad ng California) at ang University of California (UC, Unibersidad ng California). Ang sistemang CSU ay mayroong 23 kampus at ang sistemang UC at mayroong 10 kampus.

Tumutulong ang Estado sa Pagsagot sa Gastusin sa mga Pasilidad ng Pampublikong Edukasyon. Nakagawian na ng estado ang tumulong sa pagsagot sa gastusin sa konstruksyon at renobasyon ng mga pang-akademikong pasilidad, kabilang ang mga silid-aralan, laboratoryong pang-agham, at mga espasyo para sa edukasyong teknikal na pangkarera (gaya ng mga workshop na pangmekaniko). Karaniwang ipinapatayo ang mga bagong pang-akademikong pasilidad kapag tumataas ang enrolment sa mga lugar. Ang mga proyektong renobasyon (o pagsasamoderno) ay karaniwang isinasagawa kapag ang mga bahagi ng gusali (gaya ng kuryente, tubo, o sistema ng heating at cooling) ay naluluma at nagiging hindi maaasahan o may natukoy na isyu sa kaligtasan ng buhay (gaya ng pangangailangang alisin ang amag o patibayin ang gusali upang makayanan ang lindol). Nakagawian na ng estadong hindi pondohan ang mga pasilidad ng preschool dahil pinopondohan ito ng mga distrito gamit ang lokal na pagpopondo.

Pinag-aaralan ng Estado ang mga Kahilingan para sa Pasilidad. Para sa mga proyekto para sa pasilidad ng paaralan, nagsusumite ang mga distrito ng paaralan ng mga aplikasyon para sa pagpopondo ng estado sa Tanggapan ng Konstruksyon ng Pampublikong Paaralan. Pinag-aaralan ng tanggapan ang mga aplikasyon at pagkatapos ay inihahatid ang mga karapat-dapat na aplikasyon sa Lupon ng Paglalaan ng Estado para maaprubahan gamit ang batayang “tutugunan kung sino ang nauna”. Para sa mga kolehiyo at unibersidad, magsusumite ng mga mungkahi ang mga kampus sa kanilang mga sistemang tanggapan. (Ang sistemang CCC ay pinangangasiwaan ng Lupon ng mga Gobernador, ang sistemang CSU ng Lupon ng mga Katiwala, at ang sistemang UC ng Lupon ng mga Rehente.) Pagkatapos ay pinagtitipon ng namamahaling lupon ng bawat sistema ang mga kahilingang ito ng kampus at isinusumite ang mga

napiling proyekto sa Lehislatura at Gobernador upang pag-aralan at aprubahan.

Mayroong mga Patakaran ang Estado sa Pagbabahagi ng mga Gastusin sa Proyekto sa mga Paaralan. Para sa mga distrito ng paaralan, nakagawian na ng estado ang sagutin ang pamantayang bahagi ng gastusin sa bawat naaprubahang proyektong pasilidad. Partikular na, sinasagot ng estado ang 50 porsyento ng gastusin sa karamihan sa mga bagong proyekto ng konstruksyon at 60 porsyento sa gastusin sa karamihan sa mga proyektong renobasyon. Inaasahang sasagutin ng mga distrito ng paaralan ang mga natitirang gastusin para sa proyekto gamit ang mga lokal na pondo, bagaman ang mga distrito ng paaralang nahihirapang sagutin ang kanilang lokal na bahagi ay maaaring maging kwalipikado para sa karagdagang pagpopondo ng estado. Para sa mga distrito ng kolehiyo ng komunidad at mga kampus ng unibersidad, kadalasang nakikibahagi rin ang estado sa mga gastusin sa proyekto, bagaman walang pamantayang iniaatas ang batas ng estado pagdating sa bahagi ng gastusin para sa mga ito.

Nakagawian na ng Estadong Gamitin ang mga Bono upang Pondohan ang mga Pasilidad para sa Edukasyon. Karaniwang ginagamit ng estado ang pangkalahatang obligasyong bono (paraan ng paghiram) upang bayaran ang bahagi nito sa mga gastusin sa proyekto. Dapat aprubahan ng mayorya ng mga botante sa buong estado ang mga bonong ito. Binibigyan ng mga bono ang estado ng pahintulot na ibenta ang mga bono sa mga namumuhunan. Nagkakaloob ang mga bono ng pagpopondong ginagamit ng estado para sa mga proyekto. Pagkatapos ay binabayaran ng estado ang mga namumuhunan, kasama ang interes, mula sa Pangkalahatang Pondo. (Ang Pangkalahatang Pondo ay ang pangunahing account ng estado sa pagpapatakbo na pangunahing nakukuha ang mga kita nito mula sa mga buwis sa personal na kita, mga buwis sa pagbebenta at paggamit ng estado, at mga buwis sa kumpanya.) Karaniwang binabayaran ng estado ang mga namumuhunan sa pamamagitan ng pagbabayad nang taun-taon sa loob ng ilang dekada. Ang pagbabayad sa bono ay ginagarantiya ng pangkalahatang kapangyarihan ng estado sa pagbubuwis. (Para sa higit pang impormasyon hinggil sa paggamit ng mga bono ng estado, tingnan ang “Pangkalahatang Pananaw ng Utang sa Bono ng Estado” sa gabay na ito.)

PAGSUSURI NG PAMBATASANG TAGASURI

IPINAGPAPATULUY

Mayroong Ilang Natitirang Awtoridad sa Bono ang Estado Ngunit ang Karamihan sa mga ito ay Naipangako na. Ipinapakita sa Larawan 1 na mula 2002 hanggang 2016, inaprubahan ng mga botante ang apat na panukala sa bono para sa pasilidad na pang-edukasyon na nagbigay ng kabuuang \$45 bilyon sa pagpopondo ng estado sa bono. Tatlo sa mga panukala sa bono ang nagbigay ng pagpopondo para sa mga distrito ng paaralan at kolehiyo ng komunidad pati na rin sa mga unibersidad, habang pinondohan lamang ng isa (Proposisyon 51 noong 2016) ang mga distrito ng paaralan at kolehiyo ng komunidad. Sa \$45 bilyong inaprubahang pagpopondo sa bono, naibenta na ng estado ang \$37.2 bilyon, at \$7.8 bilyon ay hindi pa naibebenta sa mga namumuhunan. Sa katunayan, ang lahat ng mga hindi ba naibebentang bonong ito ay mula sa natitirang mga pondo ng Proposisyon 51. Ngunit ang estado ay nakatanggap ng mga aplikasyong halos lampas sa natitirang awtoridad sa bono ng Proposisyon 51 para sa mga proyekto ng paaralan. (Kasalukuyang pinoproseso ng estado ang mga aplikasyong ito.) Ipinangako na rin ng estado ang dalawang-katlo ng pagpopondo sa bono ng Proposisyon 51 para sa mga proyekto sa kolehiyo ng komunidad. (Karaniwang nagkakaroon ng pagkaantala mula sa panahong nangako ng pagpopondo sa bono ang estado para sa mga proyekto hanggang sa panahong ibinibenta nito ang nauugnay na bono.) Ang kasalukuyang taunang bayad ng estado sa dating mga ibinentang bono para sa pasilidad na pang-edukasyon ay \$2.9 bilyon.

Kasalukuyang Nakadepende ang Estado sa mga Bono ng Unibersidad upang Pondohan ang mga Proyekto ng CSU at UC. Noong 2013, bumuo ang estado ng bagong paraan para pondohan ang mga proyekto para sa pasilidad ng unibersidad. Sa ilalim ng bagong pamamaraan, ang mga unibersidad—sa halip na estado—ang nag-iisyu ng mga bono. Hindi katulad ng mga pangkalahatang obligasyong bono, hindi ang mga botante ang nag-aaprubang sa mga bono ng unibersidad. Binabayaran ng mga unibersidad ang utang sa kanilang mga bono gamit ang pagpopondong natatanggap

nila mula sa estado. Nilayon ang pagbabagong ito upang bigyan ang CSU at UC ng mas malaking kontrol sa kanilang mga pasilidad at hikayatin ang mga kampus na bawasan ang mga gastusin sa mga proyekto. Simula ng mabuo ang panibagong sistema ng pagpopondong ito, ang CSU at UC ay nagsagawa ng tinatayang \$2 bilyon na mga proyekto para sa pasilidad na pinondohan ng bono ng unibersidad. Kasalukuyang gumagawa ng taun-taong pagbabayad ang mga unibersidad ng tinatayang \$140 milyon para sa mga proyektong ito.

Karaniwang Itinataas ng mga Distrito ang Kanilang mga Lokal na Bahagi sa Pamamagitan ng Pag-iisyu ng mga Lokal na Bono. Karaniwang sinasagot ng mga distrito ng paaralan at kolehiyo ng komunidad ang kanilang lokal na bahagi ng mga gastusin sa proyekto gamit ang mga lokal na pangkalahatang obligasyong bono. Dapat mapaaprubahan ng mga distrito sa hindi bababa sa 55 porsyento ng kanilang mga botante ang pagbebenta ng lokal na pangkalahatang obligasyong bono. Simula pa noong 2002, inaprubahan ng mga botante ang \$154 na bilyon sa mga lokal na pangkalahatang obligasyong bono para sa mga proyekto para sa pasilidad sa paaralan at kolehiyo ng komunidad.

Naglalagay ng mga Limitasyon ang Batas ng Estado sa mga Lokal na Panghihiram. Nililimitahan ng batas ng estado ang kabuuang halaga ng mga lokal na bonong maaaring iisyu ng mga distrito ng paaralan at kolehiyo ng komunidad. Ang mga limitasyon ay nakabatay sa tinasang halaga ng ari-arian sa loob ng distrito. Maaaring mag-isyu ang mga distrito ng paaralang elementarya at mataas na paaralan na katumbas ng 1.25 porsyento ng kanilang tinasang halaga ng ari-arian. Para

Larawan 1

Pangkalahatang Obligasyong Bono ng Estado para sa Edukasyon Kamakailan
(Sa Bilyon)

Taon	Proposisyon	Mga Inawtorisahang Halaga				
		Mga Paaralan	Mga Kolehiyo ng Komunidad	California State University	University of California	Mga Kabuuan
2002	47	\$11.4	\$0.7	\$0.5	\$0.4	\$13.1
2004	55	10.0	0.9	0.7	0.7	12.3
2006	10	7.3	1.5	0.9	0.7	10.4
2016	51	7.0	2.0	—	—	9.0
Mga Kabuuan		\$35.7	\$5.2	\$2.1	\$1.8	\$44.8

PAGSUSURI NG PAMBATASANG TAGASURI

IPINAGPAPATULUY

sa mga pinag-isang distrito ng paaralan at mga distrito ng kolehiyo ng komunidad, mas mataas ang limitasyon—2.5 porsyento—kung sumusunod ang mga distrito sa ilang iba pang mga kondisyon sa panghihiram. Ang mga distrito ng paaralang hindi makakapaglikom ng hindi bababa sa \$5 milyon sa pamamagitan ng mga lokal na bono sa ilalim ng mga limitasyong ito ay maaaring mag-aplay para sa karagdagang pagpopondo ng estado. Maaari ring humiling ang mga distrito ng paaralan ng mga pagpapaliban mula sa estado upang malampasan ang mga limitasyong ito. Simula 2010, 7 porsyento ng mga distrito ng paaralan ang nakatanggap ng mga pagpapalibang ito.

Maaari ring Likumin ng mga Distrito ng Paaralan ang mga Lokal na Pondo mula sa mga Singil sa Developer.

Hindi katulad ng mga kolehiyo ng komunidad at unibersidad, makakapaglikom ang mga distrito ng paaralan ng mga pondo para sa kanilang mga pasilidad sa pamamagitan ng pagtatasa ng pag-isang beses na mga singil sa mga residensyal, pangkomersyo, at industriyal na pagpapaunlad. Halimbawa, makakapagsingil ang isang distrito ng paaralan sa isang developer ng bagong komunidad ng pabahay kung maipapakita ng distrito na ang bagong pagpapaunlad ay maghahatid ng mga bagong estudyante sa distrito. Ang eksaktong halagang maaaring singilin ng mga distrito ng paaralan ay nakabatay sa mga patakarang partikular na nakasaad sa batas ng estado. Gumagamit ang mga distrito ng nagreresultang kita upang tumulong sa pagsagot sa gastusin sa pagpapatayo ng mga bagong paaralan sa loob ng lugar na iyon. Simula 2002, tinatayang 90 porsyento ng mga distrito ng paaralan ang nakapaglikom ng ilang kita mula sa mga singil sa developer. Sa panahong ito, nakapaglikom ang mga distrito ng paaralan ng kabuuan ng tinatayang \$10 bilyon mula sa mga singil na ito. Bagaman ang kita mula sa singil sa developer ay bumubuo sa maliit na bahagi (mga 5 porsyento) ng kabuuang pagpopondo para sa mga pasilidad ng paaralan, nakakapag-ambag ang mga singil na ito sa hanggang kalahati ng mga gastusin sa konstruksyon para sa ilang proyekto.

MUNGKAHI

Magmumungkahi ng Pagpopondo sa Bono para sa mga Pasilidad sa Pampublikong Edukasyon. Gaya ng ipinapakita sa Larawan 2, pinapahintulutan ng panukalang ito ang estado na magbenta ng mga pangkalahatang obligasyong bono sa kabuuang \$15 bilyon—kung saan \$9 na bilyon mula rito ay para sa mga pampublikong paaralan at \$6 na bilyon ang para sa mga pasilidad para sa mas mataas na edukasyon. Ang pagpopondo para sa mga pasilidad ng paaralan ay itinalaga para sa apat na espesipikong uri ng mga proyekto: renobasyon, bagong konstruksyon, mga tsarter na paaralan, at mga pasilidad para sa edukasyong teknikal na pangkarera. Maaaring humiling ang mga distrito ng paaralan ng ilan sa mga pagpopondo sa bono para sa kanilang mga pasilidad ng preschool. Ang

Larawan 2

Mga Gamit ng Iminumungkahing Pondo sa Bono
(Sa Bilyon)

	Halaga
Mga Pasilidad ng Pampublikong Paaralan	
Renobasyon	\$5.2 ^{a,b}
Bagong konstruksyon	2.8 ^a
Mga pasilidad para sa edukasyong teknikal na pangkarera	0.5
Mga pasilidad ng tsarter na paaralan	0.5
Kabuuan	\$9.0
Mga Pasilidad ng Pampublikong Mas Mataas na Paaralan	
Mga pasilidad ng kolehiyo ng komunidad	\$2.0
Mga pasilidad ng California State University	2.0
Mga pasilidad ng University of California	2.0 ^c
Kabuuan	\$6.0
Kabuuang Bilang	\$15.0^d

^a Sa halagang ito, hanggang 10 porsyento ang ilalaan para sa mga distrito ng paaralang may 2,500 estudyante o mas kaunti pa.

^b Sa halagang ito, \$150 milyon ang ilalaan para sa pagsusuri at paggamot sa tingga sa tubig sa mga paaralan.

^c Bahagi ng halagang ito ay maaaring magamit para sa mga pasilifaf sa Hastings College of the Law, na kaanib ng University of California.

^d Hanggang 5 porsyento ng pagpopondo sa bono ay maaaring gamitin para sa mga pang-administratibong layunin.

PAGSUSURI NG PAMBATASANG TAGASURI

IPINAGPAPATULUY

mga pagpopondo sa mas mataas na edukasyon ay pantay-pantay na ipinamamahagi sa CCC, CSU at UC. Nakaugnay ang panukala sa lehislasyong gumagawa ng ilang pagbabago sa mga patakarang namamahala sa mga proyekto para sa pasilidad ng pampublikong edukasyon (nakalarawan sa ibaba). Kung maipapasa ang panukala, magiging balido ang mga pagbabagong ito.

Binabago ang mga Patakarang sa Pasilidad para sa mga Paaralan. Kung maipapasa ang panukala, tatlong katangi-tanging pagbabago ang gagawin sa mga patakarang para sa mga pasilidad ng paaralan. Una, ang umiiral na bahagi ng mga gastusin sa proyekto ng estado (50 porsyento para sa bagong konstruksyon at 60 porsyento para sa renobasyon) ay papalitan gamit ang sliding scale. Sa ilalim ng sliding scale, magiging kwalipikado ang mga distrito ng paaralan para sa pagpopondo ng estado na katumbas ng sa pagitan ng 50 porsyento at 55 porsyento ng mga gastos para sa bagong proyektong pangkonstruksyon at sa pagitan ng 60 porsyento at 65 porsyento para sa mga proyektong panrenobasyon. Ang mas mataas na bahagi ng estado ay magiging para sa mga distritong may mas kaunting kakayahang lumikom ng mga lokal na pondo at mag-e-enrol ng mas mataas na bahagi para sa mga estudyanteng may mababang kita, foster na kabataan, at mga mag-aaral ng Ingles. Pangalawa, papalitan ng estado ang umiiral na pamamaraan na unang tutugunan ang unang darating pagdating sa pag-aaral sa mga aplikasyon gamit ang mga bagong patakarang. Magtatalaga ang mga bagong patakarang ang ilang kategorya sa pagbibigay ng prioridad. Mabibigyan ng pinakamataas na prioridad ang mga proyekto para sa kalusugan at kaligtasan ng buhay, kasunod ng mga aplikasyong isinumite ng mga distritong nahihirapang makalikom ng kanilang lokal na bahagi at mga proyektong sumusuri at tinutugunan ang tingga sa tubig sa mga paaralan bukod sa iba pang mga kategorya. Sa loob ng bawat isa sa mga kategoryang may prioridad na ito, higit pang mabibigyan ng prioridad ang mga aplikasyon kung may kasunduan ang mga distritong gamitin ang isina-unyong maggagawa sa konstruksyon. Ang pangatlong pagbabago ay aatasan ang distrito ng paaralang magsumite ng isang limang taong master plan para sa pasilidad bilang isang kondisyon sa pagtanggap ng pagpopondo sa bono.

Magtatag ng mga Bagong Inaasahan para sa Pagpili ng mga Proyekto ng Unibersidad. Gagamitin din ng estado ang mga bagong patakarang sa

pagbibigay ng prioridad sa mga proyekto ng CSU at UC. Upang maging kwalipikado para sa mga pondo sa bono ng estado, aatasan ang Lupon ng mga Katiwala ng CSU at Lupon ng mga Rehente ng UC na bigyang prioridad ang mga proyektong tumutugon sa mga kaligtasan ng buhay at ilang partikular na kakulangan sa mga kasalukuyang pasilidad. Aatasan din ang mga kampus ng unibersidad na bumuo ng mga limang taong plano upang palawakin ang mga opsyon sa abot-kayang pabahay para sa kanilang mga estudyante. Aatasan ang mga lupon ng sistema ng mga unibersidad na isaalang-alang ang mga plano sa pabahay bilang isang karagdagang salik sa pagbibigay ng prioridad bilang bahagi ng mga proyekto para sa pasilidad ng kampus.

Babaguhin ang mga Patakarang sa Lokal na Pagpopondo para sa mga Distrito. Gagawa rin ng tatlong pangunahing pagbabago ang estado kaugnay ng kakayahang lumikom ng lokal na kita ng mga distrito ng paaralan at ng mga distrito ng kolehiyo ng komunidad. Una, pahihintulutan ang mga distritong mag-isyu ng mga lokal na pangkalahatang obligasyong bono sa mas mataas na halaga. Partikular na para sa mga distrito ng paaralang elementarya at mataas na paaralan, itataas ang limitasyon mula 1.25 porsyento hanggang 2 porsyento ng tinasang halaga ng ari-arian. Para sa mga distrito ng pinag-isang paaralan at mga distrito ng kolehiyo ng komunidad, itataas ang limitasyon mula 2.5 porsyento hanggang 4 na porsyento ng tinasang halaga ng ari-arian. Pangalawa, makakapag-aplay para sa karagdagang pagpopondo ng estado ang mga distrito ng paaralang hindi makakalikom ng \$15 milyon sa ilalim ng mga bagong limitasyong ito (tumaas mula sa umiiral na limitasyong \$5 milyon). Pangatlo, magtatatag ang estado ng mga bagong limitasyon sa mga singil sa developer. Partikular na, pagbabawalan ang mga distrito ng paaralan sa pagtatasa ng mga singil sa developer sa mga residensyal na pagpapaunlad na pangmaramihang pamilya (gaya ng mga apartment complex) na matatagpuan sa loob ng kalahating milya ng pangunahing hintuan ng transit (gaya ng isang light rail na istasyon). Para sa lahat ng iba pang residensyal na pagpapaunlad na pangmaramihang pamilya, ang kasalukuyang pinahihintulutang mga antas ng singil sa developer ay babawasan ng 20 porsyento na magpapatuloy. Itatalaga ang mga limitasyong ito hanggang ika-1 ng Enero, 2026.

PAGSUSURI NG PAMBATASANG TAGASURI

IPINAGPAPATULUY

MGA EPEKTO SA PANANALAPI

Patataasin ng Panukala ang mga Gastusin ng Estado upang Bayaran ang mga Bono.

Pahihintulutan ng panukalang ito ang estado na manghiram ng \$15 bilyon sa pamamagitan ng pagbebenta ng mga pangkalahatang obligasyong bono. Babayaran ng estado ang mga bono, kasama ang interes, mula sa Pangkalahatang Pondo. Ang halaga ng mga bonong ito ay magdedepende sa iba't ibang salik, gaya ng mga antas ng interes sa mga bono sa panahon ng pagbebenta at ang panahon ng pagbabayad sa mga ito. Tinatantiya naming ang kabuuang halaga upang mabayaran ang mga bono ay \$26 bilyon—\$15 bilyon para sa prinsipal at \$11 bilyon para sa interes. Babayaran ng estado ang mga bono sa pamamagitan ng pagbibigay ng mga taunang kabayaran ng **tinatayang \$740 milyon kada taon sa loob ng 35 taon.** Ang halagang ito ay tinatayang kalahati ng 1 porsyento ng kasalukuyang badyet ng estado sa Pangkalahatang Pondo.

Hindi Sigurado Kung Paano Maaapektuhan ng Panukala ang mga Pasilidad ng Unibersidad. Para sa mga proyekto ng CSU at UC, ang epekto ng panukala ay magdedepende sa mga desisyon sa hinaharap. Kung nagbigay ng pagpopondo ang estado para sa mga bono ng unibersidad bukod sa iminumungkahing bono ng estado, higit pang mga proyekto ng CSU at UC ang maisasagawa at mas magiging mataas ang mga gastusin ng estado kaysa sa tinantiya sa itaas. Sa alternatibong paraan, kung ang iminumungkahing bono ng estado ay ginamit sa halip na mga bono ng unibersidad, hindi magiging mas mataas ang mga gastusin ng estado kaysa sa tinantiya sa itaas.

Maaapektuhan ng Panukala ang mga Distrito sa Iba't ibang Paraan. Makakagawa ng higit pang mga proyekto para sa pasilidad ang maraming distrito ng paaralan at kolehiyo ng komunidad dahil mayroong karagdagang pagpopondo sa bono ng estado at karagdagang kakahayang mag-isyu ng mga lokal na bono. Maaaring magpasya ang ibang mga distritong magkaroon ng parehong bilang ng mga proyekto para sa pasilidad na naipano sa ibang paraan ngunit sa lokal na halaga (pagkuha ng pagpopondo sa bono ng estado ngunit hindi itinataas ang lokal na panghihiram). Ang ilang distrito ng paaralan, lalo na ang mga apektado ng mga bagong limitasyon sa mga singil sa developer, ay maaaring magsagawa ng mas kakaunting proyekto.

Bumisita sa <http://cal-access.sos.ca.gov/campaign/measures/> para sa listahan ng mga komiteng pangunahing binuo upang suportahan o tutulan ang panukalang ito.

Bumisita sa <http://www.fppc.ca.gov/transparency/top-contributors.html> upang ma-access ang 10 nagungunang taga-ambag ng komite. <https://www.sos.ca.gov/campaign-lobbying/cal-access-resources/measure-contributions/2020-ballot-measure-contribution-totals/>

Matatagpuan ang kopya ng buong teksto ng panukala ng estado sa pahina 36 ng gabay na ito.